# Kabanata 7:
# ANG MISYON

"MAGHANDA KA NA sa iyong misyon, Iska. Ikaw ang huling diwatang may kakayahang tumalo sa Bakunawa," paliwanag ni Apolaki. "Ikaw lang ang makagagawa nito."

Nakinig nang maigi si Iska. Nakinig din nang mabuti si Kiko dahil pangarap niyang maging isang *sidekick* sa *action movie*. Pero gusto niyang tulungan ang *partner* niyang si Iska.

"Kailangan mong hanapin ang kampana upang matalo ang Bakunawa. Iyan ang iyong pangunahing misyon bilang huling anak ni Bathala." Malaki at mababa ng boses ng kausap ni Iska. Sapat ito para mas matakot at kabahan pa si Iska na hindi niya alam kung ano ang kinalaman niya sa mga pangyayaring ito.

Sumipol si Apolaki. Lumabas ang isang malaking manaul. Ang malaking ibon na ito ay may kakaibang kulay ng mga mata. Tila apoy ang kulay ng mga mata nito. Kahel na may halong itim ang kulay ng balahibo nito. Malaki ang manaul na tila sampung beses ang laki sa normal na ibon na puwedeng sakyan ng dalawang tao. May mahabang tuka ang ibon na ito na tila nakangiti sa amo nitong si Apolaki. Malapad ang mga pakpak nito at malakas ang pagaspas.

Bumulong si Kiko kay Iska. "Siya ang pinakapaboritong manaul ni Bathala." Feeling ni Isko, *subtitle* siya sa buhay ni Iska. "Lahat ng diyos at diwata sa Hiraya ay may kaniya-kaniyang kakayahan. Isa na rito ang



Likhaan Special Filipino inside pages 111824.indd 83 11/20/2024 8:06:48 AM

pagkakaroon ng mga mahiwagang nilalang na siyang katulong nila sa pag-iingat sa Hiraya."

Matapos makinig sa *lecture* ni Kiko, tumingin muli si Iska kay Apolaki.

"Maraming salamat sa pagdating, Gilas," bati ni Apolaki sa kaibigan niyang manaul. Lumakad papalapit si Apolaki sa malaking pulang ibon, tumapak at sumakay sa likuran nito.

Tinawag ni Apolaki si Iska. Sumunod naman siya at at tumapak sa napakalaking ibon gaya ng ginawa ni Apolaki.

"Kumapit ka sa isa sa mga balahibo ng pakpak ni Gilas. Dadalhin kita sa mga lugar na kailangan mong balikan at muling tandaan."

Pagkasabi niyon, ipinagaspas ni Gilas ang kaniyang mga pakpak at lumipad pataas. Dahan-dahan noong una ang paglipad ni Gilas. Ngunit hindi nagtagal, bumilis din ang pag-angat nito.

Sa pagtaas sa himpapawid ng malaking ibon o ng manaul, unti-unting nakita ni Iska ang lawak at ganda ng Hiraya. Nangingibabaw ang luntiang kulay sa Hiraya. Matingkad ang pagkaluntian ng mga puno rito. Namumukadkad ang iba't ibang halaman gaya ng orkidyas, gumamela, at santan. May ilan ding waling-waling sa isang bahagi katabi ng kuweba na pinanggalingan niya kanina. May mga santan din sa malapit sa puno ng tipolo. Nakita rin ni Iska ang sapa sa tabi ng mga nagsasayawang halaman. Sariwa ang hanging nilalanghap ni Iska. Nakita rin ni Iska ang talon na malapit sa isang hindi nawawalang bahaghari. Doon siya nanggaling kanina.

Mapapansin agad ang sentro ng Hiraya, ang puno ng tipolo na hinawakan niya kanina. Kamukhang-kamukha nito ang puno ng tipolo sa likod ng bahay nila.

Malapit sa bahagharing pinanggalingan niya kanina ang iba't ibang nagtataasang puno. May mga punong namumunga gaya ng mangga. May puno rin ng suha sa isang sulok. May mga kawayan na tila nagpulong sa isang gilid. Nakita niya ang isang maliit na komunidad na nagtatanim doon.

Sa gawing timog naman, nakita ni Iska ang isang tila-paaralan na kung saan maraming bata ang naghahabulan, naglalaro, at nagkakaroon ng simpleng kasiyahan. May isang binibini rin ng nagbabantay sa mga batang iyon. Bakas sa mga mata ng mga naglalarong bata ang kapayapaan at kasimplehan ng buhay nila sa Hiraya.

Sa kanluran naman, may isang bulto ng malalaking bato na may ilang makikisig na binata na nagsasanay. Hawak ng mga ito ang kawayang



Likhaan Special Filipino inside pages 111824.indd 84 11/20/2024 8:06:48 AM

gaya sa ginamit ni Anagolay noong pinuksa niya ang sigbin na umatake sa kaniya.

Oo at mataas na ang nailipad ni Iska, subalit malinaw sa kaniya ang mga nilalang na nasa Hiraya. Hindi siya hirap na tingnan ang mga bagay sa baba. Malinaw ang mga mata niya.

"May natatangi kang lakas, Iska." Pagkasabi nito ni Apolaki, lumiko si Gilas papunta sa isang lugar sa Hiraya na may mga bukal. Maliit at tila pulo-pulo ang bukal na ito. Bawat isa ay naglalabas ng maiinit na usok. Ipinakita ito ni Apolaki sa kaniya. Dahan-dahang ibinaba ni Gilas ang sarili, gayun din sina Apolaki at Iska.

Pagkababa kay Gilas, lumakad si Apolaki patungo sa pinakamalaking bukal sa lahat ng bukal na naroon. Ang bawat isang bukal ay may kaniya-kaniyang maliliit na bato sa paligid. May mangilan-ngilan ding damo subalit ito ay hindi ganoon ka-berde at kalusog gaya ng mga nasa malapit sa bahaghari. Subalit, lahat ng bukal doon ay kulay pula na ang tubig.

"Ito ang pinakamalinis na tubig sa Hiraya, Iska."

Pinagmasdang maigi ni Iska ang pinakamalinis na bukal sa Hiraya. Agad niyang nakita ang kaniyang sarili rito. Lumuhod naman si Iska sa tabi ng natitirang pinakamalinis na bukal.

"Tingnan mo ang iyong sarili. Mamaya, ipikit mo ang iyong mga mata. Hintayin mong kumilos ang tubig sa bukal upang linisin ang iyong alaala. Posibleng makita mong muli ang iyong pinakamasakit na alaala. Gamitin mo ang masasaya mong alaala upang labanan ang mga masasakit na karanasan na gusto mong makalimutan."

Sumunod si Iska sa sinabi ni Apolaki. Tiningnan niya ang sarili sa bukal. Iba ang bukal na ito. Tila nakikipag-usap sa kaniya. Sumalok siya ng tubig mula sa bukal at ininom ito. Pagkatapos niyon, isa-isang nagbalik sa kaniya ang kaniyang mga alaala.

Bumalik kay Iska ang kaniyang mga alaala nang inumin niya ang tubig mula sa pinakamalinis na bukal sa Hiraya. Pagkamulat niya ng kaniyang mga mata, bumalik siya sa kaniyang mga alaala noong siya ay bata pa lamang.

Nakikita niya ang batang Iska na nakikipaghabulan sa isang matandang lalaki na napakataas. May mahaba rin at makapal na buhok ngunit hindi naaaninag ni Iska ang mukha nito. Malaki at malapad ang katawan ng lalaking iyon. Nagpapahabol ang batang si Iska sa lalaking ito. Tinatawag niya itong Tatay.



Likhaan Special Filipino inside pages 111824.indd 85 11/20/2024 8:06:48 AM

Nakikita pa rin ni Iska ang sarili. Bata pa lang, mahaba na ang buhok ni Iska. Nakatali rin ang buhok niya bagama may mga buhok na hindi inabot ng kaniyang tali. Nakasuot siya ng daster at de-sipit na tsinelas na pula.

Biglang nagbago ang eksena. Pinagmasdan ni Iska ang batang sarili na naglalaro sa paligid ng puno ng tipolo. Nakasuot ang batang Iska ng pambatang daster na nadumihan na dahil sa paglalaro niya sa likod-bahay nila. Suot niya ang tsinelas niyang malapit na ring masira at napupudpod na. Tumatawa siya at humalakhak kahit simple lang ang mga nilalaro niya sa paligid.

Nasa tabi niya at may hawak na mga bulaklak ng santan, si Kiko. Siya ang nag-aabot sa batang Iska ng mga santan. Hindi nagbago ang mukha ni Kiko. Ang batang Iska naman ang nagkakabit at nagdurugtong sa mga dulo ng bulaklak na iyon upang maging kuwintas. Nangyari pala talaga ito. Akala niya ay imahinasyon niya lang ito at panaginip noong bata siya.

Hindi nagtagal, parang bigla siyang dinala sa iba pang lunan at oras. Nakita niya ang pamilya habang abala sa pangangalaga ang kampana. Nakita niya ang likuran ng bahay sa susunod na pinaaalala sa kaniya ni Apolaki.

Pinanonood niya ang batang bersiyon nina Mommy Jo, Tiya Oyang, at Tita Ela na nililinis at pinapakinang ang kampana. Lumiliwanag ang kampana sa pagpapakintab nilang tatlo. Pagkatapos niyon, nakita niya ang tatlo na sumakay sa isang napakalaking ibon upang ihatid pabalik ang kampana sa simbahan. Ipinagmamalaki ng tatlo ang kanilang kakayahan.

Kahit sa pagbabalik-tanaw, pansin ni Iska ang pagmamahal ng magkakapatid sa isa't isa.

Sa isang iglap pa, dinala siya ng kaniyang isip sa isang panibagong lugar. Nakita niya ang lumang simbahan ng Antipolo. Maganda na ang simbahan noon pa man. Napaliligiran ito ng makakapal na puno ng tipolo. Nakikita rin ni Iska ang iba't ibang maninimba na luma pa ang kasuotan. Narinig din niya sa pagbabalik-tanaw na ito ang tunog ng kampana. Sa pagtunog ng kampana, tumitigil ang mga maninimba at nananalangin. Nakita ni Iska ang sarili na nakatayo sa isa pang puno ng tipolo na malapit lang sa kampanaryo na pinaglalagyan ng kampana.

Sa isang iglap pa, dinala siya ng pagbabalik-tanaw pabalik sa kanilang lumang bahay. Halos walang pinagkaiba ang bahay nila noon sa ngayon. Naluma lang ang gamit, ngunit hindi ang sipag at pagmamahal ng mga



Likhaan Special Filipino inside pages 111824.indd 86 11/20/2024 8:06:48 AM

nakatira dito. Si Lola Da ay nakita niya sa gilid na nag-iipon ng mga halamang gamot na mula rin sa kaniyang hardin. Inilalagay niya ito sa isang malaking paso na kulay-putik at pinakukuluan. Sa tabi nito ay ang mga lalagyan na may iba't ibang halamang gamot. Naaalala ni Iska ang ilan sa mga ito dahil ito ang ibinibigay sa kaniya ni Lola Da tuwing nagkakasakit siya. Ito rin ang mabangong amoy na naaamoy niya sa bahay nila.

Sa isang iglap pa, nakarating siya sa iba pang lugar. Nakita rin niya ang kaniyang sarili noong sanggol pa lamang. Sa tabi ng puno ng tipolo. Balot ng isang puting tela. Alam niyang siya iyon dahil nakita niya ang larawan noong bata pa siya. Umiiyak-iyak siya at pinulot ni Lola Da.

Nasaksikhan ni Iska ang mga pangyayari na ipinakita sa kaniya ng bukal. Narinig ni Iska ang lahat ng mga napag-usapan. Sa isang iglap, bumalik siya sa kaniyang kinaroroonan. Bumalik siya sa katawan niyang nakaluhod sa harap ng pinakamalinis na bukal. Nasa tabi niya at naghihintay si Apolaki.

Nasaksihan nang maigi ni Iska ang nawawalang alaala sa buhay niya. Alam na niya ang kaniyang misyon. Dahil dito, nagpasalamat si Iska kay Apolaki sa ipinainom na tubig mula sa bukal.

Sa ikalabing-anim na taong gulang niya mas nakilala ang sarili.



Likhaan Special Filipino inside pages 111824.indd 87 11/20/2024 8:06:48 AM